

1

Bella's knees were trembling as she entered the mansion. She knew that Doña Racquel would be venting her spleen to her. Pero para sa kapatid niya, sasaluhin niya ang galit ng matanda. A week had passed, pero hindi pa rin nahahanap si Cielo, ang pamangkin ng doña, na itinanan ng kapatid niyang si Dave.

May iniwan itong mensahe na wala raw siyang dapat ipag-alala. Paanong hindi siya mag-aalala? Itinanan nito si Cielo kung kailan malapit nang dumating ang piniling fiancé ng don para rito.

She was worried for the two of them. Cielo was blind. Sana talaga maalagaan ito nang maayos ng kapatid niya.

Pumasok na siya sa silid ng doña.

“Umupo ka,” utos nito.

Hindi siya makatingin dito nang derecho kaya nakayuko siyang naupo. Marahil iniisip nito na walang utang na loob silang magkapatid sa kabila ng mga itinulong ng pamilya nito. Naging mayordoma ang kanyang pumanaw na ina sa mansion.

Noong bata pa sila ni Dave, pinayagan ng don na magkakasama silang tumira sa mansion. Nasa high school sila nang mamatay ang kanilang ina at simula noon, ang don na ang nagpaaral sa kanila hanggang makapagtapos sila sa college. Umalis lamang sila sa mansion noong nag-college na si Dave.

Magkasama silang tumira sa isang apartment malapit sa university sa Batangas City na pinasukan nila. Pero palagi pa rin silang pumupunta sa Bauan para makita si Cielo.

“Do you have an idea kung saan dinala ng kapatid mo si Cielo?” Umiling siya. “The only information na nakuha ng mga tauhan ko ay nakalabas na sila sa Batangas,” the old woman said.

Bella knew that she was trying to control her anger. Mabait ito pero alam niyang masama itong magalit.

Umiling siya ulit. “I’m sorry po, hindi ko po alam. Hindi ko na rin po siya ma-contact.”

“Do you know na bukas na darating si Seth? How can I explain that his fiancée has eloped with another man?” Tumaas na ang tinig nito. Ang maamo nitong mukha ay naging matapang.

“I’m sorry po,” she said.

“Sorry doesn’t cut it. Alam mong napamahal ka na rin sa akin pati si Dave, at nagagalit ako dahil nagawa sa amin ito ng kapatid mo. But I’m more afraid of what my brother will do if he knows about this. Kilala mo siya, he can be cruel.” Tiningnan siya ng doña na may pag-aalala.

Kilala niya rin ang don at natatakot siya para sa kapatid. Kilala ito bilang maimpluwensyang businessman hindi lang sa Batangas kundi pati na rin sa buong bansa.

“Pasensya na po.” Iyon lang ang kaya niyang sabihin. Pangarap niyang masuklian ang kabutihan ng pamilya nito, pero problema pa ang ibinigay nila.

“Magpasalamat tayo na magtatagal pa si Kuya Jaime sa Spain, pero paano si Seth?”

Narinig na ni Bella noon ang tungkol kay Seth Madrigal. Ito ang pinili ng don na maging asawa ni Cielo. Hindi alam ng don na matagal nang may relasyon si Cielo at si Dave.

“Puwede po ba natin siyang pakiusapan na ilihim muna ang nangyayari?” tanong niya, pero umiling ito.

“No. Seth is loyal to my brother because he owes him a lot. He may be a successful businessman now, but he used to be an orphan. Si Kuya Jaime ang

nagpaaral sa kanya sa ibang bansa. Why else do you think would Seth agree to a fixed marriage? Pumayag siya na pakasalan si Cielo kahit na hindi pa sila magkakilala because he's a good man na tumatanaw lang ng utang na loob. Kuya Jaime believes that he will be a good husband to Cielo, that Seth will take good care of his daughter kahit wala na kami.”

“My brother loves Cielo very much. Alam ko pong kaya niyang alagaan si Cielo. They love each other kaya nga po nagtanan sila. Gusto ko pong aminin ang totoo kay Don Jaime at baka maintindihan niya po na mahal nila ang isa't isa.” Umaasa siyang sumang-ayon din ito.

“No, don't do that. Nagpakita ng kabutihan ang kapatid ko sa inyong magkapatid, but it doesn't mean that he will like Dave for Cielo. And Cielo knows that. Noon pa man, sinabi na ng don that Seth is the one for her. It has to do with the business, too. Kuya Jaime wants Seth to be his successor,” paliwanag nito.

Natigilan si Bella, naawa bigla sa kuya niya at sa best friend niya.

“I'm sorry. Matagal ko na rin silang tinutulungang itago ang relasyon nila, but honestly I'd like Seth to be Cielo's husband.” Natigil ang pag-uusap nila nang may dumating na katulong at sinabing nasa living

room ng mansion si Seth Madrigal.

She looked at Doña Racquel and they exchanged uneasy looks. Nakita niyang parang may malalim na iniisip ito. She suddenly felt nervous.

“Kapatid mo ang nagdala ng gulong ito, kaya ikaw ang tutulong sa akin na ayusin ito.”

Bella never wanted to fool anyone but she had to do it for her brother's sake. Kinakabahan siya habang nakahawak sa braso ni Doña Racquel habang pababa ng hagdan. Ang kanyang mga mata ay derecho lamang ang tingin na parang wala siyang nakikita, dahil kailangan niyang mapanggap na bulag.

Inutusan siya ng doña na magpanggap bilang si Cielo dahil magkakagulo kapag nalaman ni Seth na nakipagtanan ang pakakasalan nito. Hindi rin niya magawang tumutol sa iniutos sa kanya dahil kailangan niyang makipagtulungan dito para sa kapakanan ng kanyang kapatid. Alam na rin ng mga katulong ang gagawin nilang pagpapanggap.

Seth was sitting in the couch in the living room. He stood up, towering over her. He smiled at them. Hinalikan agad nito sa pisngi ang doña pagkatapos ay kinuha nito ang kanyang kamay at dinala iyon sa

bibig upang dampian ng halik. Parang may kuryente siyang naramdaman kaya agad niyang binawi iyon.

“Nag-alala po ako kung bakit hindi agad kayo nakababa,” magalang na sabi nito.

“Pasensya na, hijo, our princess was still sleeping like an angel kaya hindi ko agad siya magising,” pagdadahilan nito.

“I’m sorry you had to wake up just for me,” Seth apologized, looking at her.

“It’s all right.” She managed to give him a smile.

“Matagal na kitang gustong makita. I refused when your father offered to send me your pictures because I wanted to see you in person first. And your dad’s right, you are not just beautiful, you’re like a goddess.” He said those compliments while looking at her eyes.

She felt herself blush. Marami na rin siyang nakilalang mga bolerong lalaki, but she was not immune to this man’s charm. Aminin man niya o hindi, the man in front of her was gorgeous. He was tall, his face was very manly, and his eyes were a distinct gray, na kapag tiningnan ka ay parang nangungusap. Natitiyak niyang may lahing banyaga ito.

Kahit hindi magalaw ang kanyang mga mata at nakatuon lamang ang kanyang tingin sa isang direksyon, hindi pa rin mahirap mapansin na napakaguwapo ng lalaking kaharap niya ngayon.

Isa siyang part-time painter, but her real job was in a publishing company. Writer at photographer siya sa isang magazine. At masasabi niyang papasa ito bilang model.

“Oh, let’s have our refreshment in the garden, para makapagkwentuhan tayo nang maigi,” anyaya ng doña.

Kinakabahan si Bella habang pabalik-balik na naglalakad sa kuwarto ni Cielo. Hindi na siya puwedeng umatras. Kailangan niyang magpanggap para hindi mapahamak ang kanyang kapatid. Patuloy pa rin sa paghahanap ang mga tauhan ng doña, pero habang wala pa si Cielo, kailangan niyang magpanggap.

Ginagawa rin ng doña ang lahat para mas mapatagal pa ang business trip ng don. Ang mahalaga raw ay hindi sila mabuko ni Seth dahil siguradong sasabihin nito sa don ang nangyayari, at iyon ang ikinakatakot niya. Baka may mangyaring masama sa

kapatid niya kapag ang don na ang kumilos.

They had to find them, at saka na nila haharapin ang galit ni Seth.

She heard her phone ring. Unknown ang number and she was surprised when she heard Cielo's voice. Agad niyang itinanong kung nasan ito pero ayaw nitong sabihin.

She was trying to convince her na bumalik na, pero ayaw nito. Tumawag lang daw ito para kumustahin siya dahil alam nitong siya agad ang kakausapin ng doña. Ikinuwento niya rito ang pagdating ni Seth at ang inutos sa kanyang pagpapanggap.

“I’m so sorry if you’re in that situation because of me. But please do everything to make Seth dislike me hanggang sa siya na mismo ang mag-back out sa kasal. I don’t like him. He only wants to marry me because of my father’s wealth. Hindi ko siya kilala, but I’ve hired a private investigator before at nalaman kong malupit siya. Marami na siyang nakaaway at handa siyang banggain ang lahat ng taong makakasagabal sa kanya. The private investigator told me that he’s a womanizer. Sinabi ko kay Papa, but he did not believe me. He said that I was just finding excuses so as not to marry him.”

Love Threat - Zoey Ortiz

“I understand, Cielo, pero bumalik ka na. Baka mapahamak si Dave kapag nalaman ito ng papa mo. Alam mo kung paano siya magalit,” pagsusumamo niya rito.

“I promise I won’t let that happen. Alam kong maiintindihan din kami ni Papa. We’ll try to come back before he returns from his business trip. I’m sorry, Bella. Please don’t call or text me because I won’t answer or reply,” Cielo said before she ended the call.

2

Dalawang araw pa lamang siyang nagpapanggap pero hirap na hirap na siya. Sa tuwing kaharap niya si Seth, she had to act like she was blind at hindi madaling gawin iyon. Bella also knew that he was not that easy to deceive. Kaya dapat siyang mag-ingat para hindi sila mabuko.

Katulad ngayon, nasa garden silang dalawa. Niyaya siya nitong pumunta roon, at hindi si makatanggi. He said that they should spend time together to get to know each other.

There were wine glasses and a bottle of red wine on the garden table. Sinabi niyang ayaw niyang uminom kaya ito lamang ang may hawak na red wine. Maybe, she should take this opportunity para gawin ang sinabi ni Cielo, na ma-turn off si Seth sa kanya. Gusto niyang kilalanin ito at sinabi niya sa sarili na patutunayan lang niya kung totoo ba ang mga sinabi ng imbestigador sa kanyang kaibigan.

Maikli lang ang isinasagot ni Bella sa mga tanong ng binata dahil nag-iingat siya.

He sipped his wine before he spoke. “Tama nga

ang pagkaka-describe sa akin ng don tungkol sa iyo. You're not talkative. Masyado kang matipid sumagot. But it's very fine with me. Ayoko ng madaldal na asawa." The last part was said jokingly.

"Puwede bang ako muna ang magtanong?"

"Sure."

"Ilan ang girlfriend mo?" He was a rich businessman and a good-looking man, kaya hindi malayong totoo ang sinabi ng kaibigan niya na babaero ito.

She heard him laugh, and it sounded so sexy and manly. Maybe he used it to seduce women.

"You're asking me kung ilan ang girlfriend ko ngayon?"

"Oh. I meant to say kung may girlfriend ka ngayon."

"No, I don't have a girlfriend right now. But since you are my fiancée, that means I have a girlfriend and it's you."

"You may be my fiancé, but I don't consider you as my boyfriend," derecho niyang sabi. Alam niyang iyon ang nararamdaman ni Cielo kaya iyon ang sinabi niya.

He didn't seem affected by what she said. "It's all right, darating din tayo diyan." He winked at her.

But since she was pretending to be blind, hindi niya kailangang magkunwari na hindi napansin ang pagkindat nito. He was so sure of himself, so confident. Iyon ang nakikita niya sa kilos at pananalita nito.

"So how many girlfriends have you had?"

A smile curved his lips. "Frankly, I didn't really count."

Conceited. Hindi na siguro mabilang ang mga naging babae nito kaya hindi na lang nito inabala pa ang sarili sa pagbibilang.

Mayamaya ay sumeryoso ang mukha ni Seth na parang biglang may naisip. "Why do I sense that you're hiding something from me?"

Parang tumigil sa pagtibok ang puso niya. Matalas talaga ang pakiramdam ng isang ito. "What makes you say that?" she asked nervously.

"I don't know, it's just a gut feeling telling me that's something's off. Hindi kaya ikaw talaga ang may karelasyon?" Nanunuri ang tingin nito sa kanya na para bang pinag-aaralan ang magiging reaksyon niya. It was true na may boyfriend nga si Cielo. Pero

hindi makakatulong kung sasabihin niya iyon dito, baka alamin pa nito kung sino ang lalaki.

“No, I don’t have a boyfriend. Pero meron na akong ibang mahal.” Totoo na may mahal nang iba si Cielo.

“You know what, I like an honest woman.” Mukhang hindi man lang ito naapektuhan sa sinabi niya.

“If you don’t mind, gusto ko nang bumalik sa kuwarto ko.” Tumayo na si Bella. Agad naman itong tumayo para alalayan siya.

“Let me guide you to go to your room,” he said.

Muntik na niyang makalimutan na magpanggap na bulag! Nakarating na sila sa harap ng silid ni Cielo. Inalis na niya ang kamay na nakahawak sa bisig nito.

“Salamat,” aniya at pumasok na sa silid. Nagtaka siya nang pumasok din ito at isinara pa ang pinto.

Hindi niya alam kung dapat ba siyang magtanong, kung mahuhulaan ba nitong nakakakita siya kung magsasalita siya.

“I just want to make something clear,” he said softly. She gasped when his hand caught her waist. He pulled her closer to him.

“I’m not bragging, but I’ve never, in my life, been dumped by a woman. I’m your fiancé and you don’t have the right to love someone else.” Again, he said those words gently.

Pero naroon ang pagbabanta sa mga mata nitong nakatingin sa kanya. Nagpumiglas si Bella at kumawala rito.

“There’s always a first time, Mr. Madrigal. Alam ko naman na wala ka talagang pakialam kung gusto kita o hindi, because you just want to marry me for money.”

She expected him to get mad, but there was only amusement in his eyes. “When I first saw you, I thought that you’d be a docile and obedient wife. Now I’m surprised to discover your fiery side.” He looked at her lips.

She pretended not to notice. “Mr. Madrigal—”

“Call me ‘Seth’ please,” he said.

“Seth, I’m not a puppet that you can manipulate just because I’m blind.”

Marahil balak nitong gawing sunod-sunuran ang kaibigan niya.

“I wish you weren’t blind. If you could see me,

I'm sure you'd like to marry me," he said confidently.

Mayabang, she wanted to say.

"Hindi kita magugustuhan dahil may iba na akong mahal," mariing sabi niya.

He smirked. "Honey, I'll make you forget about him. You are going to be mine. And from this night onwards, you will be thinking only of me."

Was this a warning of some sort? She felt like it was a threat—not to her life—but to her heart. And she felt scared. His words sent a shiver through her body.

"You're too sure of yourself. Bakit, gan'un ka ba talaga kaguwapo para isip-isipin kita? Sorry na lang dahil bulag ako at hindi ko makikita iyang ipinagmamalaki mo."

"It's all right, honey. You don't need to see me to know that we're right for each other. I'll make you feel it."

Then he pressed his lips to hers in a long, deep kiss that she could hardly breathe. Her heart was pounding when he broke the kiss. She opened her eyes, trying very hard to act that all she could see was darkness.

She should have pushed him away. Why didn't she? Instead she closed her eyes and let him...

Parang hindi na niya kayang mag-isip nang matino. Then she saw him smiling. Or was he smirking at her? Gusto niyang pagalitan ang sarili.

“I can see that you want more, but let's save it for another time.”

She hated it that she couldn't look away. Baka mahalata nito ang sikreto niya. Hindi rin niya magawang magsalita.

“Good night, Cielo.”

She saw his naughty smile. Siguro parang nanalo ang pakiramdam nito.

Napahiya si Bella sa sarili nang marinig ang pangalan ng kaibigan mula kay Seth.

He'd made a bad move. Hindi niya dapat hinalikan ang dalaga. Pakiramdam tuloy ni Seth ngayon ay sinamantala niya ang kahinaan nito. Dahil paano ba siya lalabanan ng isang bulag?

Sinabi pa niyang siya lang ang iisipin nito mula ngayong gabi, pero mukhang siya ang hindi

makakatulog sa pag-iisip dito.

May katotohanan ang sinabi nitong wala siyang pakialam kung ito man ang mapangasawa niya. Gagawin niya iyon bilang pagtanaw ng utang na loob sa taong pinagkakautangan niya ng halos lahat ng tinatamasa niya ngayon. Ang sabi niya sa sarili noon, balewala sa kanya kung gusto man niya ito o hindi. Kung magustuhan man siya nito o hindi.

But he felt a sudden surge of jealousy when she told him that she was already in love with another man. And he couldn't understand why he felt that way. Yes, he was possessive when it came to his *property*, pero hindi pa siya nagpahalaga ng ganoon sa kahit na sinong babae. At dalawang araw pa lang niyang nakakasama si Cielo.

Tumayo na siya mula sa pagkakahiga sa kanyang kama at nagtungo sa shower room.

Habang lumalagaskas ang tubig ay binibigyang-katuwiran ni Seth ang nararamdaman. Ngayon lang siya naguluhan nang ganito at babae pa ang dahilan. He was attracted to her, plain and simple. Iyon lang iyon, wala nang ibang dahilan.

It was a good thing considering that she was going to be his wife.

Totoong napahanga siya sa ganda ni ‘Cielo’ habang bumababa ito ng hagdan, noong una niya itong makita. He’d seen a lot of beautiful women kaya hindi niya maipaliwanag ang pagkaakit na nararamdaman dito.

Naiinis na si Bella. Gusto na niyang tumigil sa pagpapanggap, pero pinagalitan siya ni Doña Racquel nang sabihin niya iyon dito. Kaya heto siya ngayon at hatid ng katulong papunta na naman sa garden ng mansion. Hindi niya maintindihan kung daily routine na ba nila ito tuwing hapon. Parang nagdi-date sila ni Seth kahit nasa bahay lang sila. Nakita niya itong nakaupo na sa wooden settee na sadya pang ipinagawa sa isang sikat na furniture designer para bumagay sa garden.

Nang makalapit na siya rito ay iniwan na siya ng maid na kunwaring inalalayan siya sa paglalakad. Agad namang hinawakan ni Seth ang kamay niya.

“Ano ba!” galit na bulyaw niya sabay bawi ng kamay rito.

“Gusto lang kitang alalayang makaupo nang maayos,” paliwanag nito.

“Kaya ko.”

“May sasabihin ka na naman ba? Forgive my manners, pero ayoko nang marinig pa ang mga kuwento mo tungkol sa mga negosyo mo at ng don—I mean, my dad,” reklamo niya. “Ayoko na ring sumagot sa mga tanong mo tungkol sa buhay ko.”

Sa loob ng isang linggo, naging routine na ang pag-uusap nila ni Seth. Hindi iyon nakababagot, pero natatakot siyang mabisto nito anumang sandali.

Niyaya pa siya nitong mag-date sa ibang lugar pero siyempre tumanggi siya.

“No. Sorry if I didn’t realize what a strain it has been for you. Hayaan mo babawi ako. I’m going to sing your favorite song. Isipin mo na lang na hinaharana kita.”

Kinuha ni Seth ang gitara sa tabi nito at sinimulan ang pagkanta at pagtugtog ng *Thinking Out Loud* ni Ed Sheeran.

Her heart skipped a beat. He was looking at her while singing the song. Ang alam nito ay bulag siya, di ba? Bakit kailangang maging napakasinsero ng mga mata nito na parang iniaalay talaga nito ang kantang iyon sa kanya?

Hindi kaya nagkamali si Cielo ng pagkakilalarito?

Love Threat - Zoey Ortiz

Ang kakaibang tibok ng puso niya ngayon, could she consider that as something mysterious gaya ng sinasabi sa kanta? Because the last time she checked, broken-hearted pa rin siya dahil sa ex-boyfriend niya.

Pero bakit parang masaya na ulit ang puso niya?

3

Hindi na naman siya makatulog. Parang nagkakatotoo ang banta ni Seth na lagi niya itong maiisip. At habang mas lalo niya itong nakikilala, lalong ayaw na niyang maniwala na masamang tao ito.

Aminin man niya o hindi, kinasasabikan ni Bella ang sandaling nakakausap niya ito. Pero dahil kailangan niyang isaalang-alang ang damdamin ni Cielo, at hindi naman talaga siya ang gustong pakasalan ni Seth kundi ang dalaga, pinipilit niyang maging maldita rito.

He was frank but honest. May pagkapilyo rin ito, pero gentleman. Lumabas siya ng silid at naglakad-lakad hanggang sa living room.

Bigla siyang may narinig na nagri-ring na phone at agad niyang nahagip ng tingin kung nasaan iyon. Alam niyang kay Seth iyon dahil ilang beses na niya itong nakitang may katawagan gamit iyon.

Naisip niyang baka importante iyon at tungkol sa negosyo.

Bago pa siya nakapag-isip, tinutungo na niya ang silid nito para ibigay iyon dito.

“Seth,” tawag niya sa pangalan nito nang makapasok na siya sa silid nito. Hindi kasi iyon naka-lock.

Ganoon na lamang ang kanyang pagkabigla nang lumabas ito mula sa banyo na nakatapis lamang ng tuwalya sa baywang.

“What brought you here?” he asked. Tinutuyo nito ang buhok ng isang mas maliit na towel.

Parang nakagat ni Bella ang dila, hindi siya makapagsalita. Akala mo naman iyon ang first time niyang makakita ng isang lalaking halos hubad na. She was a photographer kaya sanay siya ng mga male models na naka-underwear lang.

Talagang papasa itong model sa ganda ng katawan. Sinaway niya ang isip. She cleared her throat.

“I’m sorry, pumasok na ako kasi hindi naka-lock ’yung door. Hindi ko alam na kagagaling mo lang palang maligo.”

Nakita niyang kumunot ang noo nito. “How do you know na kakatapos ko lang mag-shower?”

Gusto niyang kutusan ang sarili. Nag-isip agad siya ng idadahilan. “Tinawag kita, pero walang

sumagot kaya inisip kong baka nasa banyo ka. And I can smell na parang kakatapos mo lang maligo.”

Mukha namang na-convince niya ito.

“So why are you here?”

“I just want to give you your phone na naiwan mo sa living room. Tumigil na sa pagri-ring.” Iniabot niya iyon dito, sa direksyong pinanggagalingan ng boses nito pero medyo malayo sa mismong kinatatayuan nito.

“Paano mo nakita itong phone? And how did you know that it was mine?” Mukhang bumalik at nadagdagan ang pagdududa nito.

Naiinis na si Bella sa sarili niya. Hindi talaga siya puwedeng artista. Lagi niyang nakalimutan ang role niya. Kung bakit ba kasi naisipan niya pang ibigay rito ang lekat na phone nito!

She felt nervous, sana malusutan niya ito.

“Narinig ko kasing nag-ring at nakapa ko. And, uhm, tinanong ko sa maid kung kanino ’yun at ang sabi sa ’yo daw kaya ako na ang nag-volunteer na mag-abot sa iyo,” palusot niya.

“Okay. Thank you,” sabi na lang nito na parang binalewala na ang kung anumang iniisip.

“Sige, I’ll go back to my room now.” Tatalikod na dapat siya nang pigilan nito ang braso niya.

Nang lingunin niya ito, nakita niyang gumalaw ang Adam’s apple ng binata nang mapalunok ito. Parang may kuryenteng tumatawid mula sa palad nito patungo sa kabuuan niya kaya agad niyang inalis ang kamay nitong nakahawak sa kanya. Nang magbaba siya ng tingin, she couldn’t help noticing his firm abs. It was so hard to pretend that she could not see his glorious body.

“I just want to ask... Three weeks na rin tayong magkakilala. Ano na’ng tingin mo sa akin?”

Huh? Tingin niya ang ganda ng abs nito. She shook her head. Ano ba iyong iniisip niya? Well, dahil nga sa mga sinabi ni Cielo, hindi maganda ang impression niya rito. Pagkatapos hinalikan siya nito basta samantalang bago pa lamang silang magkakilala. Inisip niyang baka totoong womanizer nga ito. Plus, he didn’t apologize for that kiss.

Hindi siya nito tinatrato na parang may kapansanan, pinakikisamahan siya nito nang maayos kahit sinasadya niya talaga itong sungitan para ma-

turn off ito sa kanya na siyang gustong mangyari ni Cielo. He was very patient with her. Noong dumating ito ay may iniabot itong mamahaling regalo na ayaw niya sanang tanggapin, pero ang doña ang tumanggap para sa kanya.

He even assured her na kapag ikinasal na raw sila ay magiging faithful ito sa kanya. Ayaw niyang isiping pagpapanggap lang ang nakita niyang katapatan sa mga mata nito habang nakatitig sa kanya. At nakokonsyena si Bella dahil kahit hindi niya ito tuwirang matatawag na “mabait”, alam niyang hindi ito kagaya niya na nagpapanggap.

“Medyo conceited ka, pero you’re also blatantly honest.”

He smiled. “Hindi ba puwedeng conceited na guwapo na malakas ang sex appeal?” He winked at her.

She wanted to curse herself dahil parang kinilig siya.

“Hindi nga kita nakikita, di ba? Paano ko masasabing guwapo ka nga?” Tatamaan na siya ng kidlat sa mga kasinungalingan niya.

“Sayang,” bulong nito habang titig na titig sa kanya, sa mga labi niya. “I really want to know if

you like what you'd see." He sighed deeply. "But I'm glad that I can see how beautiful you are." He bit his lower lip.

Hindi niya namalayang napagaya siya rito.

"I hope you don't mind if..."

"If what?" At the back of her mind, she knew what he wanted. Because right now she wanted it, too. She blushed at the thought.

"If I kiss you," he whispered. Matiim itong nakatingin sa kanya.

Hindi siya nakasagot.

"They say silence means yes." Then he kissed her softly, but it was fierce enough to make Bella close her eyes. Unthinkingly, she put her arms around his neck and returned the kiss.

And that was when his kiss went deeper and more urgent. She was breathless when he pulled away from her.

"Goodnight, honey. I think you should go to your room now. Ihahatid kita hanggang d'yan sa pinto ko dahil hindi pa ako nakakabihis." Muling nag-init ang mga pisngi niya sa tinuran nito. "I'm afraid na baka mauna pa ang honeymoon kaysa sa kasal natin kung

pagbibigyan ko ang sarili ko.” His smile was teasing.

“Good night,” sabi na lamang niya at hindi na hinintay na alalayan nito. Her heart was beating so fast she was surprised it didn’t explode.

Sa inookupang silid lang siya ulit nakahinga nang maluwag.

Alam niyang mali dahil hindi talaga siya ang fiancée ni Seth. She was Bella, and she was just everything she could to protect her brother. Right? So why did his kisses felt so right?

He was not her first kiss, but it was the first time a kiss had that tantalizing effect on her. At twenty-five, ngayon lang niya naramdaman na kaya niyang isuko ang sarili nang buong-buo.

“I hope it tastes good,” sabi ni Seth. Hinipan nito ang kutsara na may sabaw ng niluto nitong tinola bago iyon inilapit kanyang bibig para tikman niya.

They were in the kitchen. He still looked good and very masculine despite the pink apron. Kaya pala inalam nito ang mga paborito at gusto niya. Kinantahan na siya nito ng paborito niyang kanta, ngayon naman niluto nito ang paborito niyang

pagkain.

“Masarap ba?” untag nito sa kanya.

“Oo.”

“Puwede na ba akong mag-asawa?” Kumindat pa ito sa kanya.

Hindi nga siguro tamang sabihin na mayabang ang binata. He was just really confident about himself. At charming din. Bawat galaw nito ay parang nang-aakit, o baka naa-attract lang talaga siya rito kaya niya naiisip iyon.

Hindi na yata normal ang nararamdaman ni Bella para kay Seth. She needed to remind herself that she was just a substitute, kaya hindi dapat siya magpadala.

It would have been a lot easier kung naging totoo na lang ang sinabi sa kanya ni Cielo na masama ang ugali ng lalaking ito.

Seth was a good man. At hanga siya rito dahil kahit lumaki ito na walang mga magulang, he still became successful. He was just twenty-nine years old pero ang dami na nitong achievements.

Malaki nga siguro ang nagawa ni Don Jaime na siyang nagpaaral dito para maging matagumpay

si Seth, pero naniniwala siyang kung wala itong pagsisikap at sariling diskarte ay hindi ito makararating sa kinalalagyan ngayon.

At talagang nakokonsyensya siya na parang niloloko niya ito. Pero ano ang magagawa niya? Pareho lamang silang tumatanaw ng utang na loob sa don.

Dati, ang kanyang ex-boyfriend na si Stefan ang dahilan kung bakit may mga gabing hindi siya makatulog. Pero simula nang makilala niya si Seth, hindi na niya naaalala si Stefan. Hindi niya alam kung dapat ba niyang ikatuwa iyon.

Ano na lang ang mararamdaman ng kapatid niya kapag bumalik ito at si Cielo at kailangan nitong hiwalayan ang nobya dahil kay Seth ito nakatakdang pakasal? At siya, ano ang mararamdaman niya?

Parang nagising na lang siya isang araw na hinahanap-hanap niya ang binata. Gusto niya itong laging nakikita. Kahit si Doña Racquel ay napansin ang pag-iingat ng lalaki sa kanya. Alam niyang hindi lamang ito masyadong nagsasalita, pero hindi rin ito sang-ayon sa nangyayari.

She should not fall in love with him. Natatakot

na si Bella isipin pa lang na nahuhulog siya rito.

Natigil ang kanyang malalim na pag-iisip nang marinig na umuulan sa labas. Nasundan iyon ng malakas na mga pagkulog matapos gumuhit ang matalim na kidlat na sumungaw mula sa siwang ng kurtina sa silid ni Cielo.

Napatingin siya sa pinto nang may kumatok at nang bumukas iyon ay sumilip ang nag-aalalang mukha ni Seth.

Buti na lang napigil niya agad ang sarili na itanong kung ano ang ginagawa ng binata sa kuwarto niya.

“Sino ’yan?” tanong na lamang niya.

“It’s me, honey.”

Her heart raced at the endearment. “Seth, you shouldn’t be here. It’s the middle of the night.”

“I just want to check if you’re all right. Wala ngayon si Doña Racquel para samahan ka.”

Naalala niyang may phobia nga pala si Cielo sa thunderstorms.

“Nabanggit ng don sa akin na takot ka sa kulog, at sinasamahan kang matulog ng tita mo pag

bumabagyo. Since she's not here tonight, ako na lang muna ang magbabantay sa 'yo."

Minsan na rin niyang tinabihang matulog si Cielo dahil sa phobia nito. Bumangon siya at naupo sa kama.

"Huwag mong sabihing matutulog ka sa tabi ko?"

"Of couse I will sleep with you on the same bed." Nakita niya ang pilyong ngiti nito nang maupo sa gilid ng kama.

Mabuti na lang at bedside lamps lamang ang ilaw sa silid. Sana ay hindi nito nakita ang pamumula ng mukha niya.

Kumulog nang malakas at hindi niya kailangang magkunwaring nagitla.

Iniyakap nito ang isang braso sa kanya. "Don't worry honey, I'm here."

Bumuntong-hininga na lamang siya. Inihiga siya nito sa kama niya at kinumutan bago ito lumigid para mahiga sa tabi niya at niyakap siya sa ilalim ng kumot. She felt so warm in his embrace.

And she really felt safe and protected in his

arms. Napakalapit nila sa isa't isa. She could feel the warmth of his breath.

“Seriously, you’re going to sleep here?” she asked.

“It’s not like we’re going to sleep together, but, yes. I think as your future husband, I have certain rights. And I should take care of you lalo na kapag ganitong kailangan mo ng kasama.” Ngumiti ito.

Hindi niya mapigilang titigan ang mukha nito na napakalapit sa kanya. Without thinking, she raised her hand to touch his face. He caught her hand before she could do so and stared into her eyes.

Bella knew that she shouldn’t be feeling this way, but she couldn’t help it. She was starting to love him.

“I’m afraid I’m getting addicted to you,” he said.

Hindi niya makuhang sumagot.

“To your lips... And I’m giving into it since you’re mine. You are mine, aren’t you, honey?”

Nag-init ang pisngi ni Bella sa sinabi nito.

“I can’t be near you and not want to kiss you.”

She could tell that he was not lying. “You have my permission.”

He smiled that naughty smile. And then he kissed her lightly, na para bang inaakit siya nitong gumanti ng halik.

“I want you,” bulong nito nang lumalim at uminit ang halik.

Umungol siya at itinulak ito sa dibdib. “Seth, we shouldn’t...”

He reluctantly ended the kiss and hugged her tight instead. Ipinatong nito ang baba sa kanyang ulo.

“Matulog ka na. Good night, honey.”

Dalawang araw pa lamang na hindi umuuwi si Seth sa mansion pero sobrang nami-miss na niya ito. May dinaluhan itong business meeting para sa don. Alam ni Bella na babalik at babalik si Cielo, at ibig sabihin niyon ay matatapos na ang kanyang pagpapanggap. At malalaman na ni Seth ang ginawa niyang panloloko.

Sana lang ay mapatawad siya nito.

Kailangan niya lang supilin ang nadarama para rito dahil wala rin naman iyong patutunguhan. Sa huli, siya lang ang masasaktan. She felt close to tears habang pinagmamasdan ang portrait ng binata. Siya

ang may gawa niyon. Natagpuan na lamang niya ang sarili na iginuguhit ito nang makita ang luma niyang sketch pad na naiwan sa silid ni Cielo.

Nabasa ng luha ang papel na tinititigan niya at saka lang niya napagtanto na umiiyak na pala siya. She just made everything complicated by falling in love with her best friend's fiancé.

Ipinikit niya ang mga mata nang makaramdam ng antok.

Bella looked at her reflection in the mirror. She was wearing the white gown he gave her. He said he bought it in Paris. It certainly looked elegant. Hindi niya alam kung bakit niya kailangang magsuot ng ganoong damit samantalang nasa mansion lang naman siya.

Halos isang linggo itong nawala, kadarating lang nito kaninang umaga. Hindi siya nito masyadong kinakausap, bagay na ipinagtataka niya. Parang iniawasan siya ni Seth. Inisip niyang pagod lang ang binata at masyado na siyang nasabay sa atensyong ibinibigay nito sa kanya. O baka rin totoo ang sinabi ni Cielo na babaero ito at nagsawa na sa kanya...

Pero nang bandang hapon, pumunta ito sa

kuwarto niya para ibigay ang regalo nito at inutusan siyang isyuot iyon. Iniwan siya nito agad at kasunod nitong pumasok ang isang maid. Tinulungan siyang magbihis ni Ariana.

Mayamaya pa ay kumatok ang isa pang kawaksi, si Delfa. Akala niya ay itatanong lang nito kung tapos na ba siyang magbihis at sasabihing hinahanap na siya ni Seth. Sinabi kasi ni Seth na pumunta siya sa entertainment room kapag tapos na siya.

Pero ang nag-aalalang mukha ng maid ang nalingunan niya. “Ma’am, may naghahanap po sa inyo, ’yun pong si Stefan, iyong sumali sa ano sa TV.”

Nanlaki ang mga mata niya. *Ano ang ginagawa niya rito?*

“Pinapasok ko na po kasi sabi niya boyfriend daw ninyo siya at may mahalaga siyang sasabihin sa inyo. Hindi ko na po ipinaalam pa kay Doña Racquel. Ma’am, bilisan na lamang ninyo ang pag-uusap at baka alam ninyo na, baka magkabukuhan,” mahina nitong sabi.

Paano nga ba nito pagdududahan si Stefan? Mukhang anghel ang lalaking iyon. Kaya rin siguro naging isa ito sa big winners sa isang reality show sa TV.

“Nasaan siya?” kinakabahang tanong niya.

“Iniwan ko po sa garden, para madali rin po siyang makaalis.”

Sinamahan siya ng isang katulong sa hardin, pero malayo ito habang nag-uusap sila ni Stefan.

“Sumama ka na sa akin Bella.” Nabigla siya sa maawtoridad na boses ng lalaki.

They broke up ten months ago at hindi pa rin sila nagkakaayos nito. Kahit paano, may pinagsamahan naman sila dahil mas matagal silang naging magkaibigan kaysa magkasintahan.

“Ano ba’ng ginagawa mo dito?” sa halip ay tanong niya.

“Tinawagan ako ni Dave at pinakiusapan niya akong ilayo ka sa lugar na ito para hindi ka na daw madamay sa gulong hindi ko alam kung ano.”

Hindi siya makapaniwalang ito pa ang tinawagan ng kuya niya samantalang siya itong kapatid na nag-aalala ay hindi nito magawang kontakin.

“Please, Stefan, umalis ka na. Hindi ako sasama sa iyo. At hindi ko kailangan ng tulong mo,” mariin niyang sabi.

Hindi siya aalis kahit na kapatid pa niya ang mag-utos na takasan niya ang problema. Haharapin niya ang problemang iniwan nito at ang kabayaran ng pagpapanggap niya.

Sa totoo lang ay naguguluhan na si Bella kung dapat na ba niyang aminin kay Seth ang totoo o sundin na lang ang plano ni Doña Racquel.

“Hanggang ngayon ba, Bella, galit ka pa rin sa akin?” Parang may narinig siyang hinanakit sa boses nito. Hindi siya nakakilos nang yakapin siya nito nang mahigpit. “I love you, Bella, at hindi ko hahayaang mapahamak ka.”

Hinayaan niya lang itong yakapin siya. Hindi niya maipaliwanag ang nararamdaman nang matiyak na wala na ang dating kasiyahan at pananabik na nararamdaman niya kapag hawak siya nito. Wala na ring epekto sa kanya kahit ang pag-a-I love you ng binata.

At alam niya kung bakit. It was because of Seth. She was really in love with Seth. Hindi niya maiwasang mapaluha sa realisasyon. Siguradong gulo ang haharapin niya.

Marahan niyang itinulak ang binatang nakayakap sa kanya. “Salamat sa pag-aalala mo sa akin, Stefan,

pero please umalis ka na lang.”

Hindi na makapaghintay si Seth na makausap si Bella. Bago siya umalis, alam na niyang iyon ang totoong pangalan nito. Pinilit niyang makabalik kaagad dahil, kahit masama ang loob niya, parang hindi na siya sanay na hindi ito nakikita at nakakasama.

Dati pa man ay nagdududa na siya na hindi ito bulag. Napatunayan niya iyon nang maabutan niya itong natutulog sa sofa sa silid nito. Nakita ni Seth ang isang larawan niya na ginuhit nito. Alam niyang ito ang may likha niyon dahil ipinirma nito ang pangalan sa ibaba ng portrait.

Naghinala rin siya nang makita ang family picture ng mga Salvador sa photo album na nasa library. Ibang-iba ang hitsura roon ni Cielo, kahit na nga ba dalagita pa lamang ito sa litrato. Hindi marahil nakasama iyon sa mga larawang itinago para sa pagpapanggap na ito.

Umalis siya sa mansion dahil ayaw niyang komprontahin si Bella at magalit dito. Tinawagan niya ang don at ipinaalam nito sa kanya na kailan lang din nito nalaman na nakipagtanan ang anak nito.

Then he learned about Bella and her brother.

Naisip niyang hindi agad iyon ipinaalam ng don sa kanya dahil hinihintay nitong siya mismo ang makatuklas at sinusubukan nito kung ipagtatapat niya iyon dito. Sa bagay na iyon ay hindi ito nabigo sa kanya.

Sinabihan siya ng don na huwag munang ipaalam sa kapatid nitong si Doña Racquel na alam na nila ang ginawa ng mga itong pagpapanggap. Hintayin na lamang daw niya itong makabalik sa Pilipinas bago siya gumawa ng hakbang.

Pero gusto niyang makausap si Bella at marinig ang panig nito. Bakit ito pumayag?

Nalaman niyang si Dave mismo na kapatid ni Bella ang gumawa ng paraan upang makausap ang don. Nasa US ito kasama si Cielo, at sabay-sabay nang uuwi ang tatlo.

Gusto niyang marinig ang paliwanag ni Bella. Maniniwala siya kahit ano ang sabihin nito. Tatanggapin niya kung napilitan lamang itong gawin iyon para sa kapatid nito. Sana lang sabihin din nito na hindi puro pagkukunwari ang lahat ng namagitan sa kanila.

Nang mainip sa paghihintay sa entertainment room ay naisip niyang siya na lang ang sumundo

kay Bella sa silid nito. Kumatok siya, pero walang sumagot at nang buksan niya ang silid ay wala na si Bella at si Ariana.

Iniiwasan niya ang dalaga mula nang dumating siya dahil alam niyang nahihirapan itong umakto bilang bulag. Maging sa pagkain ay bihira nila itong nakakasabay dahil sa sariling kuwarto ito pinahahatdan ni Doña Racquel.

Natanaw niyang nag-uusap ang dalawang katulong malapit sa main door kaya naglakad siya palapit sa mga ito. Napahinto siya nang marinig ang usapan ng dalawa.

“Bakit mo iniwan si Ma’am Bella d’un?” tanong ni Ariana kay Delfa.

“Kinakabahan kasi ako,” narinig niyang sagot ng huli.

“Ikaw naman kasi, eh,” ani Ariana. “Di ba kabilin-bilinan ni Doña Racquel, huwag basta magpapapasok ng kung sino nang hindi niya nalalaman?”

“Eh kasi, nakakaawa ’yung boyfriend ni Ma’am Bella. Di bale na. Magkasama na sila ngayon. Sana lang umalis na ’yun kaagad.”

Seth was stunned when he heard that.

At may sinabi noon si Bella na pumasok sa kanyang isipan: *Hindi kita magugustuhan dahil may iba na akong mahal.*

Totoong may iba nang mahal si Bella.

She was not speaking for Cielo when she told him that her heart belonged to another. Pagpapanggap nga lang ba ang lahat ng ipinakita nito sa kanya?

Naglakad siya pabalik sa kanyang silid. Mula sa bintana ay nakita niya itong may kayakap na lalaki. Naikuyom niya ang mga kamay.

Kinontrol niya ang sarili at ang kagustuhang saktan ang nobyo nito. Mabigat ang loob na lumayo siya sa bintana.